RELEASED
06 JUL 2023 9:53

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION V - BICOL
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF CATANDUANES

**MEMORANDUM/CPG**

Para sa: Kawaksing Tagapamanihala
Punong Tagamasid ng Programang Pang-Edukasyon( CID at SGOD)
Mga Tagamasid Pansangay
Mga Tagamasid Pampurok/ Namumuno ng Distrito
Mga Punongguro/ Namumuno ng Paaralang Elementarya at Sekondarya

Galing kay: **SOCORRO V. DELA ROSA, CESO V**
Tagapamanihala

Petsa: Hulyo 5, 2023

Paksa: **SEMINAR-WORKSHOP SA WIKA, PANITIKAN, AT SIKOLOHIYANG PILIPINO**

---

1. Ang Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP) katuwang ang Pambansang Komisyon para sa kultura at mga sining at UP Diliman Departmento ng Sikolohiya ay nagsasagawa ng Linangan 2023: Seminar Workshop sa Wika, Panitikan at Sikolohiyang Pilipino sa darating na Hulyo 12-14, 2023 (8:00 n.u.-5:00 n.h.) sa Palma 400, UP Diliman, Lungsod Quezon.

2. Ang nasambit na seminar Workshop ay naglalayong makapag-ambag ng pagtuturo at pagkatuto ng sikolohiyang Pilipino na nakangkla sa Wika, Panitikan at Sikolohiyang Pilipino.

Sa partikular, layon nito na:

a. talakayin ang mga batayang kaisipan, at usapin sa wila, panitikan at sikolohiyang Pilipino;

b. linawin ang mga batayang prinsipyo sa pagtuturo ng kurso sa SP na nakaangkla sa wika at panitikan ng PIlipino.

c. Ibahagi ang mga karanasan sa pagtuturo at pagkatuto sa SP at;

d. Bumuo ng mga pangkahalatang silabus sa SP na nagtutumpak sa sariling panitikan at kultura.

3. Ang nais dumalo ay magbabayad ng rehistrasyon sa halagang: A. 2,500.00 para sa mga kasapi ng samahan at nagrehistro mula Hunyo 14-30, 2023.

- Nagrehistro mula Hunyo 14-30, 2023 pero hindi kasapi ng samahan: Php 2, 700.00
- Nagrehistro mula Hunyo 14-30, 2023 at may kasamahang PSBP membership para sa taong 20223= Php 3, 500.00

San Roque, Virac, Catanduanes
(052) 811-40-63
catanduanes@deped.gov.ph
www.depedrovcatanduanes.com
DepEd Tayo-Region V - Catanduanes

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. V
RELEASED
00010030
By: Date: 6/22/23

**ADVISORY No. 52 s. 2023**
June 19, 2023
In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
This advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001
But only for the information of DepEd Officials,
Personnel/staff, as well as the concerned public

RECEIVED
Date: 2 3 JUN 2023
By: 9:50 am

**SEMINAR-WORKSHOP SA WIKA, PANITIKAN, AT SIKOLOHIYANG PILIPINO**

Ang Pambansang Samahan sa Sikoluhiyang Pilipino (PSSP) katuwang ang Pambansang Komisyon para sa Kultura at Sining at UP Diliman Departamento ng Sikolohiya ay magsasagawa ng LINANGAN 2023: Seminar-Workshop sa Wika, Panitikan, at Sikolohiyang Pilipino sa darating na Hulyo 12-14, 2023 (8:00n.u-5:00n.h) sa Palma Hall 400, UP Diliman, Lungsod Quezon.

Sa karagdagan kaalaman, kalakip ang sulat galing sa PSSP at para sa iba pang tanong at paglilinaw, maari pong makipagugnayan sa teleponong (02) 8361-9260 o sa email address na secretariat@pssp.org.ph

Ang paglahok sa gawaing ito ay boluntaryo lamang.

Para sa inyong kaalaman.

HRDD/06/19/2023

DepED DepEd V Bicol Region <region5@deped.gov.ph>

# [PAANYAYA] LINANGAN 2023: Seminar-Workshop sa Wika, Panitikan, at Sikolohiyang Pilipino

**PSSP** <pssponline@gmail.com> Tue, Jun 13, 2023 at 4:37 PM
Bcc: psspaktibidad@googlegroups.com

Isang mainit na pagbati mula sa **Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP)**, isang panlipunan at propesyonal na organisasyong itinatag noong 1975 na may misyong palaganapin ang Sikolohiyang Pilipino (SP) sa iba't ibang sektor ng lipunan bilang isang interdisiplinaryo at maka-Pilipinong pananaw at pamamaraan.

Katuwang ang **Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining** at **UP Diliman Departamento ng Sikolohiya**, isasagawa ng PSSP ang **LINANGAN 2023: Seminar-Workshop sa Wika, Panitikan, at Sikolohiyang Pilipino** sa darating na **12-14 Hulyo 2023 (8:00 n.u.-5:00 n.h.)** sa **Palma Hall 400, UP Diliman, Lungsod Quezon.**

Ang tatlong araw na seminar-workshop ay naglalayong makapag-ambag sa pagpapaunlad ng pagtuturo at pagkakatuto ng Sikolohiyang Pilipino na nakaangkla sa wika, panitikan, at kultura ng Pilipinas. Sa partikular, layon nito na: 1. talakayin ang mga batayang kaisipan at usapin sa wika, panitikan, at Sikolohiyang Pilipino; 2. linawin ang mga batayang prinsipyo sa pagtuturo ng kurso sa SP na nakaangkla sa wika at panitikan ng Pilipinas; 3. ibahagi ang mga karanasan sa pagtuturo at pagkatuto sa SP; at 4. bumuo ng pangkalahatang silabus sa SP na nagtatampok sa sariling wika, panitikan, at kultura.

Kaugnay nito, nais namin kayong anyayahang dumalo o magpadala ng isa o higit pang kinatawan para sa seminar-workshop na ito. Ang bayad sa pagdalo ay ang sumusunod:

- Early Bird (14-30 Hunyo 2023): **P2,500 (kasapi)**; **P2,700.00 (di-kasapi)**; **P3,500 (May kasamang PSSP membership para sa taong 2023)**
- Regular (1-10 Hulyo 2023): **P2,700.00 (kasapi)**; **P3,000.00 (di-kasapi)**; **P3,700 (May kasamang PSSP membership para sa taong 2023)**

Kasama sa bayad ang pagkain, *kit* at katibayan ng paglahok ngunit hindi kasama ang akomodasyon. Maaaring magdeposito o magsagawa ng *online fund transfer* ng bayad sa aming **China Banking Corporation (Chinabank) Checking Account No. 242-020331-7 (Account Name: National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)**. Paalala lamang na ibang bangko ang China Bank Savings, Inc. sa China Banking Corporation. Maaaring gamitin ang "NASPI" bilang alternatibong *account name* para sa *online fund transfer*. Lahat ng tseke ay DAPAT nakapangalan sa "National Association for Sikolohiyang Pilipino Inc." HINDI tatanggapin ng aming bangko ang tseke na "NASPI" lamang ang nakasulat.

Ang lahat ng dadalo ay kailangang magpatala sa *online form*: **bit.ly/Linangan2023**. Maaaring magpatala hanggang **10 Hulyo 2023** ngunit maaaring isara ang rehistrasyon bago dumating ang araw na ito kapag napuno na ang 100 *slots*.

Umaasa kami sa inyong positibong tugon. Maraming salamat.

Lubos na gumagalang,

**Dr. Jayson D. Petras**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
Pangulo, PSSP
--

**Tungo sa isang malaya at mapagpalayang sikolohiya.**

**Secretariat**
**Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino**
***(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)***
PRC CPD Accreditation Number: **2018-029**

NCCA CSO Accreditation Number: **2022-CSO029**
Adres ng Opisina: **4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Lungsod Quezon**
Araw at Oras ng Opisina: **Lunes - Biyernes; 10:00 n.u. - 7:00 n.g.**
Telephone: **(02) 8361-9260** | Mobile: **(0922) 875-1440 / (0916) 211-4973**
E-mail: **pssponline@gmail.com / secretariat@pssp.org.ph**
Website: **http://www.pssp.org.ph/**
Diwa E-Journal: **https://www.pssp.org.ph/diwa**
Facebook/Instagram/Twitter/YouTube: **pssponline**
Online Membership Form: **http://bit.ly/psspmembershipform**
Listahan ng mga Kasapi: **http://www.pssp.org.ph/pamunuan-at-kasapian/mga-kasapi/**

--
You received this message because you are subscribed to the Google Groups "PSSP Aktibidad" group.
To unsubscribe from this group and stop receiving emails from it, send an email to psspaktibidad+unsubscribe@googlegroups.com.
To view this discussion on the web visit https://groups.google.com/d/msgid/psspaktibidad/CANEJ4u3nVQ3gyaQYkyafosm0ynxSu5UW1sp1sBm62XOu-fGYwQ%40mail.gmail.com.
For more options, visit https://groups.google.com/d/optout.

**2 attachments**

**Programa ng Linangan 2023.pdf**
209K

**Paanyaya.pdf**
242K

**Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City 1108
Telephone: (02) 8361-9260; E-mail: secretariat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph

# PROGRAMA

## LINANGAN 2023: Seminar-Workshop sa Wika, Panitikan, at Sikolohiyang Pilipino

**12-14 Hulyo 2023**

**Palma Hall 400, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon**

**12 Hulyo 2023 (Miyerkoles)**

| | |
|---|---|
| 8:00 n.u.- 8:30 n.u. | Rehistrasyon |
| 8:30 n.u. - 9:00 n.u. | Panimulang Programa |
| 9:00 n.u. - 12:00 n.t. | Wikang Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Sikolohiyang Pilipino<br>*Dr. Alwin C. Aguirre* |
| 1:00 n.h.-5:00 n.h. | Batayang Kaalaman at Usapin sa Wikang Filipino<br>*Dr. Jayson D. Petras* |

**13 Hulyo 2023 (Huwebes)**

| | |
|---|---|
| 8:00 n.u.- 8:30 n.u. | Paglalagom ng Unang Araw |
| 8:30 n.u. - 12:00 n.t. | Batayang Kaalaman at Usapin sa Panitikan ng Pilipinas<br>*Dr. Raniela E. Barbaza* |
| 1:00 n.h.-5:00 n.h. | Batayang Kaalaman at Usapin sa Sikolohiyang Pilipino<br>*Prop. Jay A. Yacat* |

**14Hulyo 2023 (Biyernes)**

| | |
|---|---|
| 8:00 n.u.- 8:30 n.u. | Paglalagom ng Ikalawang Araw |
| 8:30 n.u. - 12:00 n.t. | Workshop at Bahaginan<br>*Prop. Charmaine P. Galano* |
| 1:00 n.h.-4:00 n.h. | *Round Table Discussion:* Pagtuturo ng Wika, Panitikan, at Sikolohiyang Pilipino Pilipino<br>*Dr. Alwin C. Aguirre, Dr. Jayson D. Petras, Dr. Raniela E. Barbaza, at Prop. Jay A. Yacat* |
| 4:00 n.h. - 5:00 n.h | Pangwakas na Programa |

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. V
JUN 14 2023
BY:
TIME: 9:02 AM

## MGA ABSTRAK NG SESYON

### Wikang Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Sikolohiyang Pilipino

**"...ay ang natitira,i, cahihiyan at sisi sa loob na sarili": Ang kababawan at kalaliman ng lugod sa pagtatagpong afektibo sa pagbabasa sa panahon ng digital na midya**

Dr. Alwin C. Aguirre
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Sinipi ang pamagat ng panayam na ito mula sa kabanatang "Sa salitaan" ng *Urbana at Feliza*. Kung bubuuin, ganito ang daloy ng buong pahayag: "Sa pagsasalita,i, houag magasal pusóng ó bobo, sapagca,t, cun tapós na ang toua at salitá, at pagisip-isipin ang guinaua, ay ang natitira,i, cahihiyan at sisi sa loob na sarili." Bagama't sa mga katagang ito ay nagpapaalala ang dalawang dalaga sa kanilang bunsong kapatid na pakaingatan ang mga bibitawang salita sa anumang pagkakataon upang hindi magmukhang tanga at magsisi sa bandang huli, pinili kong gamitin ito upang katawanin ang pangkalahatang damdamin natin kung nalalagay sa sitwasyon na kailangan tayong magsalita o magpahayag ng nasasaloob—maaaring naiisip o nararamdaman. Sentral sa papel na ito ang tila oposisyon ng *isip* at *dama* sa partikular na usapin ng pagbabasa at pagtuturo ng panitikan. Sa maraming pagkakataon, nangingibabaw ang sinasabi ng isip sa pamamagitan ng semiotikong pagpapakahulugan ng mga katha at nilalagak sa mas mababa—o, mababaw—na antas ang damdaming hatid ng pagbabasa. Sa panig ng pormalistang kritisismo, ang bansad nga rito ay *affective fallacy*. Ngunit isang panlilinlang nga ba ang pagbaling sa damdamin sa pagbabasa ng panitikan kasama ng pag-unawa sa iba pang produktong kultural? Layon ng aking panayam na ungkatin ang posibleng ambag ng tinatawag na *affective turn* sa pag-aaral ng panitikan at iba pang tekstong kultural sa pamamagitan ng konsepto ng lugod (*pleasure*) na tinatayang luklukan ng potensiyalidad sa tagpuan ng mambabasa, panitikan, at iba pang materyalidad. Sa talakayang ito, ilalangkap din ang pagbabasa sa tekstong digital midya na tinatayang mas kinahuhumalingan ng mga tao kaysa limbag na panitikan. Ang nosyon din ng potensiyalidad ang magbibigay-saysay sa tagpuan ng "makalumang" tekstong sinipi sa umpisa at mga kontemporanyong teksto sa bagong midya (hal. social media) kung saan nagsasalubong ang salita, tawa, lugod, kahulugan, kahihiyan, o pagsisisi sa huli.

Susing salita: affect, lugod (pleasure), panitikan, digital media

Sanggunian

de Castro, Modesto (1∂38). Pagsusulatan nang Dalauang Binibini sa Si Urbana at ni Feliza na Nagtuturo ng Mabuting Kaugalian. Maynila: Aklatang J. Martinez.

**Batayang Kaalaman at Usapin sa Wikang Filipino**

Dr. Jayson D. Petras
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Pangunahing kongkretisasyon ng Pilipinisasyon ng sikolohiya sa Pilipinas ang leksiko-semantik na elaborasyon ng wikang Filipino sa nasabing disiplina. Sa pagsisimula ng Sikolohiyang Pilipino (SP),

dinalumat ni Dr. Virgilio Enriquez ang pag-aantas ng mga mga konseptong sikolohikal at kaparaanan ng pagsasalin sa wikang P/Filipino na mahalaga sa tunguhin ng pagsasakatutubo sa labas at kultural na pagpapatibay. Kaugnay nito, nakatuon ang panayam at palihan sa patuloy na gampanin ng wikang Filipino, at maging mga wika sa Pilipinas, sa pagpapaunlad at pagpapatatag ng disiplina ng SP. Gayundin, dahil ang SP ay nailalahok din sa mga asignatura sa wikang Filipino, pag-uusapan kung paanong angkop na nailalapat ang kaisipan nito sa pag-aaral ng wika at kultura.

**Batayang Kaalaman at Usapin sa Panitikan ng Pilipinas**

**Sarayan: Panitikan ng Pilipinas Bilang Imbakan ng Sarili**
Dr. Raniela E. Barbaza
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Totoong lunan at sarayan (imbakan) ng sarili ang panitikan, anuman ang galaw at kilos ng sariling ito. Tumutugon man sa mananakop, naggigiit man ang isang bahagi ng sarili sa harap ng mas malakas na bahagi ng sarili, o nagpapatibay ng kasarinlan at pagkakaisa. Tinititik ang mga ito sa/ng iba't ibang anyong pampanitikan sa iba't ibang lugar, pulo, bundok ng kapuluan sa iba't ibang panahon sa kasaysayan ng ating bayan.

Nasa panitikan natin kung paano natin inuunawa ang daigdig, ang kapwa-tao, ang kapwa-hayop, ang mga pangyayaring kinakaharap natin, ang mga paniniwala, halagahin, ang pinaniniwalaan nating pinagmulan ng bayan natin at ng daigdig, at iba pang mga kaalaman.

Higit nating kilala, halimbawa, si Zeus, Gilgamesh, mga bayani ng mga sugidanon sa ibang bayan. Nawaglit na sa ating alaala ang mga bayani ng sarili nating mga sugidanon. Sa imahe ng mga bayani nakasaray ang dalumat natin ng pinakamabuting miyembro ng bayan – kapwa lalaki at babae. Kung gayon, nasa mga sugidanon din ang dalumat natin sa mabuting pakikipamayanan. Nasa maiikling anyong pampanitikang binibigkas rin ang galaw at tugon ng ating bayan sa mga kinakaharap na natin – makikita natin ang mga pagpasok ng mga isinaFilipinong mga salita tulad ng baril, tren, plato, at iba pa.

Nakatitik naman sa mga nakalathalang anyong pampanitikan, sabihin pa, ang impluwensiya hindi lamang ng tradisyong pampanitikang banyaga kundi ang kultura't pamantayang banyaga. Ngunit lagi't laging tumutugon ang pwersang sarili sa pwersang banyaga kaya't makikita rin natin ang tugon ng sarili sa nakalathalang panitikang Pilipino.

Panimulang talakay ang sesyon na ito para mabalikan natin ang yaman at lalim ng mga panitikan natin sa iba't ibang wika sa Pilipinas. Sa pamamagitan ng pagsipi sa iba't ibang akdang pampanitikan sa iba't ibang wika sa Pilipinas, inaasahan na higit nating makilala ang sarili natin bilang mga Pilipino.

**Mga Batayang Kaalaman at Usapin sa Pagtuturo ng Sikolohiyang Pilipino**

Prop. Jay A. Yacat
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Tatalakayin sa sesyong ito ang kahalagahan ng isang panimulang kurso sa Sikolohiyang Pilipino at mga katulad na kurso sa kurikulum ng haiskul at di-gradwado. Malaking bahagi ng sesyon ay nakatuon sa pagpapaliwanag sa disenyo ng panimulang kurso sa Sikolohiyang Pilipino, kasama ang mga inaasahang matututunan ng mga estudyante; mga batayang ideya o konsepto sa Sikolohiyang Pilipino na nakapaloob sa bawat modyul o yunit; at mga halimbawa ng mga gawain at pagtatasang ginagawa sa kurso. Ilalahad rin ang ilan sa mga usapin at hamong haharapin ng sinumang nagnanais na magturo ng panimulang kurso sa Sikolohiyang Pilipino.

**Workshop at Bahaginan**

Prop. Charmaine P. Galano
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Sa workshop na ito ay magkakaroon ng pagkakataon ang mga kalahok na magbahagi ng mga mahuhusay na praktis sa pagtuturo ng Sikolohiyang Pilipino kung saan nailalangkap ang ilang usapin at halimbawang materyal na pangwika at pampanitikan. Tutukuyin din ang mga puwang at hindi angkop na paggamit ng Sikolohiyang Pilipino sa pagtuturo ng ilang mga aralin. Panghuli, inaasahan na makapagdisenyo ang mga kalahok ng mga estratehiya at aktibidad sa pag-aaral at pagtuturo ng SP na nakaangkla sa wika, panitikan, at kultura ng Pilipinas.

## PAGPAPAKILALA SA MGA TAGAPAGSALITA

- **Dr. Alwin C. Aguirre**

Nagtuturo si Alwin C. Aguirre sa Department of Broadcast Communication, College of Mass Communication, University of the Philippines Diliman ng mga kurso sa teorya at kritisismong pang-midya, midya at kultura, at kwalitatibong pananaliksik sa media studies. Ang kanyang kasalukuyang akademikong interes ay nakatuon sa interseksiyon ng diskurso, affect, multimodality, at social media. Siya ay convenor ng UP Diliman Discourse Studies Group, board member ng International Gender and Language Association (IGALA), at editorial board member ng Language in Society (Cambridge University Press).

- **Dr. Jayson D. Petras**

Si Jayson D. Petras ay kasalukuyang Kawaksing Propesor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura at Direktor ng Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Siya rin ang kasalukuyang Pangulo ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP). Nagtapos siya ng Batsilyer at Masterado sa Araling Pilipino at Doktorado sa Filipino: Pagpaplanong Pangwika sa UP Diliman. Nagsilbi siyang Instruktor/Tagapagsanay sa pagtuturo ng wikang Filipino sa mga institusyon sa labas ng bansa gaya ng Università degli Studi di Napoli L'Orientale sa Italya at sa Thammasat University sa Thailand. Nakapagbahagi na rin siya ng mga panayam at nakapaglathala ng pananaliksik tungkol sa wika, sikolohiya ng wika, at araling Pilipino. Ilan sa mga gawad/pagkilala na kaniyang natamo ang OneUP Faculty Grant for Teaching and Research ng UP Diliman, Empowering Network for International Thai and ASEAN Studies (ENITAS) ng Chulalongkorn University, at Language Training Grant ng Southeast Asian Studies Regional Exchange Program.

- **Dr. Raniela E. Barbaza**

Si Raniela E. Barbaza lumaking naninimbang sa iba't ibang kultura at wika. Ipinanganak sa Laguna ngunit lumaki sa Bikol. Hinele ng mga uyaying Tagalog at dinisiplina ng mga kwentong bayang Tagalog tulad ng sipay, kapre, at Tikbalang at ng mga Katolikong kwento tulad ng kwento ni Daniel at ang mga Leon. Nagsalin ng mga osipong Bikol tungo sa wikang Filipino. Nagtuturo na siya ngayon sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, UP Diliman.

- **Prop. Jay A. Yacat**

Kasalukuyang Kawaksing Propesor si Jay A. Yacat sa Departamento ng Sikolohiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman at isang Rehistradong Sikolohista.

Naging Pangulo siya ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP) at kasalukuyang miyembro ng Lupon ng mga Kadiwa nito. Marami sa kaniyang publikasyon ay may kinalaman sa Sikolohiyang Pilipino at katutubong sikolohiya. Ang iba pa niyang mga interes sa pananaliksik ay may kinalaman sa pambansang identidad, pagpahalagang Pilipino, paglahok sa lipunan, volunteering, at iba pang usaping kaugnay ng karapatang pantao, partikular na ang karapatan ng mga bata.

May halos 25 taon na siyang karanasan sa pagtataguyod ng karapatang pambata sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pananaliksik sa mga usapin tulad ng pang-aabuso, pakikilahok, proteksiyon, pamamalo at pagpaparusa, bullying at iba pa. Tinutulungan din niya ang mga organisasyon na idokumento at tasahin ang impact ng kani-kanilang mga programa at interbensiyon. Aktibo rin siya sa larangan ng training at advocacy. Tinutulungan niya ang mga lokal at internasyonal na mga organisasyon na isakonteksto ang kanilang mga programa at gawain sa mga bata at kabataan ayon sa kulturang Pilipino.

- **Prop. Charmaine P. Galano**

Si Charmaine Galano ay Katuwang na Propesor sa Departamento ng Sikolohiya, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Siya ay nagtapos ng BA Psychology at MA in Psychology sa parehong institusyon. Ang kanyang mga interes sa pananaliksik ay may kinalaman sa halagahing Pilipino, sikolohiya ng pakikipagkapwa, mga katutubong metodo, boluntarismo, at pagpapalaki at pag-unlad ng bata. Siya ay aktibong kasapi ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.

**PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City 1108
Telephone: (02) 8361-9260; E-mail: secretariat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph

**LUPON NG MGA KADIWA**
*(BOARD OF TRUSTEES)*
**2023**

*Pangulo*
**Jayson D. Petras**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

*Pangalawang Pangulo*
**Miriam Aquino-Malabanan**
Lyceum of the Philippines University-Batangas

*Kalihim*
**Danielle P. Ochoa**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

*Ingat-Yaman*
**Henmar C. Cardiño**
Unibersidad ng Santo Tomas

*Mga Kasapi*

**Maryanne A. Abog**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman/ Komisyon sa Karapatang Pantao

**Hadji A. Balajadia**
Pamantasang Ateneo de Davao

**Ricardo A. Clores**
Pamantasang De La Salle

**Roberto E. Javier, Jr.**
Pamantasang De La Salle

**Argel B. Masanda**
Central Luzon State University

**Eda Lou I. Ochangco**
Far Eastern University

**Alicia Q. Tablizo**
Our Lady of Fatima University-Antipolo

**Jay A. Yacat**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

*Ex-Officio*
**Jose Antonio R. Clemente**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

**Edmarie L. Clacio**
Pangulo, TATSULOK

*Sekretaryat*
**Kenneth Carlo L. Rives**

*Pangulong Tagapagtatag*
**Virgilio G. Enriquez (+)**
Ama ng Sikolohiyang Pilipino

13 Hunyo 2023

________________________
________________________
________________________

Mahal na __________________:

Isang mainit na pagbati mula sa **Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP)**, isang panlipunan at propesyonal na organisasyong itinatag noong 1975 na may **misyong** palaganapin ang Sikolohiyang Pilipino (SP) sa iba't ibang sektor ng lipunan **bilang isang** interdisiplinaryo at maka-Pilipinong pananaw at pamamaraan.

Katuwang ang **Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining** at **UP Diliman Departamento ng Sikolohiya**, isasagawa ng PSSP ang **LINANGAN 2023: Seminar-Workshop sa Wika, Panitikan, at Sikolohiyang Pilipino** sa darating na **12-14 Hulyo 2023 (8:00 n.u.-5:00 n.h.)** sa **Palma Hall 400, UP Diliman, Lungsod Quezon.**

Ang tatlong araw na seminar-workshop ay naglalayong makapag-ambag sa pagpapaunlad ng pagtuturo at pagkakatuto ng Sikolohiyang Pilipino na nakaangkla sa wika, panitikan, at kultura ng Pilipinas. Sa partikular, layon nito na: 1. talakayin ang mga batayang kaisipan at usapin sa wika, panitikan, at Sikolohiyang Pilipino; 2. linawin ang mga batayang prinsipyo sa pagtuturo ng kurso sa SP na nakaangkla sa wika at panitikan ng Pilipinas; 3. ibahagi ang mga karanasan sa pagtuturo at pagkatuto sa SP; at 4. bumuo ng pangkalahatang silabus sa SP na nagtatampok sa sariling wika, panitikan, at kultura.

Kaugnay nito, nais namin kayong anyayahang dumalo o magpadala ng isa o higit pang kinatawan para sa seminar-workshop na ito. Ang bayad sa pagdalo ay ang sumusunod:

- Early Bird (14-30 Hunyo 2023): **P2,500 (kasapi); Php2,700.00 (di-kasapi)**
- Regular (1-10 Hulyo 2023): **P2,700.00 (kasapi); P3,000.00 (di-kasapi)**

Kasama sa bayad ang pagkain, *kit* at katibayan ng paglahok ngunit hindi kasama ang akomodasyon. Maaaring magdeposito o magsagawa ng *online fund transfer* ng bayad sa aming **China Banking Corporation (Chinabank) Checking Account No. 242-020331-7 (Account Name: National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)**. Paalala lamang na ibang bangko ang China Bank Savings, Inc. sa China Banking Corporation. Maaaring gamitin ang "NASPI" bilang alternatibong *account name* para sa *online fund transfer*. Lahat ng tseke ay DAPAT nakapangalan sa "National Association for Sikolohiyang Pilipino Inc." HINDI tatanggapin ng aming bangko ang tseke na "NASPI" lamang ang nakasulat.

Ang lahat ng dadalo ay kailangang magpatala sa *online form*: **bit.ly/Linangan2023**. Maaaring magpatala hanggang **10 Hulyo 2023** ngunit maaaring isara ang rehistrasyon bago dumating ang araw na ito kapag napuno na ang 100 *slots*.

Umaasa kami sa inyong positibong tugon. Maraming salamat.

Lubos na gumagalang,

**Dr. Jayson D. Petras**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
Pangulo, PSSP

/kclr09